

Ano ang maari kong gawin kung interesado akong sumali sa PAC, pero may maliliit na anak sa bahay?

Maraming eskwelahan na nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga ng bata para sa mga magulang na umaatend ng pulong ng PAC.

Magtanong sa sekretarya ng eskwelahan tungkol sa ganitong serbisyo.

**Papano ako makahanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa PAC sa eskwelahan ng aking anak?**

- Basahin ang newsletter ng eskwelahan o pumunta sa website nito.
- Hanapin ang impormasyon sa “community bulletin board” ng eskwelahan.
- Magtanong sa sekretarya ng eskwelahan.
- Kontakin ang inyong Multicultural Liaison Worker o Settlement Worker in Schools (SWIS) para sa karagdagang impormasyon sa inyong wika tungkol sa PAC.



“Parent Advisory Council”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Parent Advisory Council



***Mga Sagot sa Karaniwang Tanong***

*Lahat ng magulang sa komunidad ng eskwelahan ay maaring sumali sa PAC.*

*Kapag kinakailangan, merong interpretasyon na binibigay para sa mga magulang na hirap sa Ingles upang sila ay ganap na makilahok.*

*Maraming magulang na bago sa komunidad ay sumasali na may kasamang kaibigan o kapitbahay.*

### **Ano ang Parent Advisory Council (PAC)?**

Bawa't pampublikong paaralan sa British Columbia ay may Parent Advisory Council.

Ito ay binubuo ng mga magulang, administrador at may kasamang mga guro.

Ang PAC ay nagpupulong isang beses sa isang buwan, kadalasan sa gabi.

### **Bakit merong PAC sa mga eskwelahan?**

Ang unang layunin ng PAC ay ang paguusap-usap at pagtakda ng mga layunin para makatulong sa eskwelahan at komunidad para gawing ligtas at mas mabuti ang kapaligiran.

Ang PAC ay:

- Nagbibigay din ng boses sa mga magulang para sa edukasyon ng kanilang mga anak;
- Nagbibigay ng impormasyon sa mga magulang tungkol sa iba't-ibang isyus; at
- Nagbibigay ng pagkakataon sa mga magulang para makakilala at makipag-usap sa ibang mga magulang,

### **Ano ang ilan sa mga bagay na maidudulot ng PAC para sa paaralan?**

Ang PAC ay tumutulong sa paghahanap ng iba't-ibang proyekto katulad ng:

- Pagbibili ng bagong palaruan o gamit pang-gym.
- Pag-upgrade ng mga computers at computer programs sa eskwelahan.

- Pagtaguyod o pagpabuti ng hardin ng paaralan.
- Pagtulong sa pagtakda ng mga espesyal na programa, halimbawa, paghinto sa pang-aapi.
- Pagtulong sa indibiduwal na mga guro na gusto magtakda ng espesyal na programa na nangangailangan ng ekstrang pondo.
- Tumutulong sa pagtatag at pagplano ng mga kaganapan sa eskwelahan na nagdidiwang ng espesyal na okasyon sa panahon ng pasukan.

### **Ano ang mga benepisyong makukuha kapag sumali sa PAC?**

Ang pagsali sa PAC ay opsyonal, pero ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga magulang para:

- Makakilala ng ibang mga magulang;
- Matuto tungkol sa eskwelahan; at
- Tumulong sa pagbigay ng mga ideya at mga tanong.

